




新潟県




# Mga Paraang di makapinsala sa panahon ng lindol para sa iyo at sa iyong pamilya.




Noong 2004, sa Prepektura ng Niigata ay nagkaroon ng mga napakalaking lindol. Ang pinakamalaking lindol ay nangyari sa purok ng Chuetsu noong mga 5:56 ng hapon, ika-23 ng Oktubre at nasa 7.0 (ang lakas ng lindol ayon sa scale mula 1 hanggang 7) ang taas ng lebel ng SHINDO seismic intensity scale. Animnapu't pitong (67) tao ang namatay, at 4,795 katao ang nasugatan dahil sa lindol na ito. Pinakamarami noon, mga 103,000 katao ang lumisan sa bahay. Hindi mahulaan kung kailan at saan mangyayari ang lindol. Maaaring mangyari ulit ang napakalaking lindol tulad ng Lindol ng Chuetsu noong 2004. Kaya dapat natin pag-aralan kung ano ang kailangan nating gawin para maiwasan ang pinsala sa ating sarili at pamilya.

Tulad ng mapa sa kanan, may mga aktibong biyak ng lupa. Hindi nakakagulat na mangyari ang malakas na lindol kahit kailan.



- ① Pook ng biyak sa mga bundok ng Kushigata
- ② Pook ng biyak sa mga bundok ng Tsukioka
- ③ Pook ng biyak sa pakanlurang kapatagan ng Nagaoka
- ④ Pook ng biyak sa kapatagan ng Takada
- ⑤ Pook ng biyak sa Tookamachi
- ⑥ Pook ng biyak sa Muikamachi



# Ang mga saligang kaalaman tungkol sa lindol

## Sa bansang Hapon, madalas mangyari ang lindol



Sa buong mundo, ang bansang Hapon ay nagkakaroon ng lindol nang pinakamadalas. Mula noong sinaunang panahon ay napipinsala na ang bansang ito. Kung ibibilang din ang mga maliliit na lindol na hindi natin napapansin, palaging nangyayari ang lindol. Para makaiwas sa mga pinsala sa ating katawan at sa araw-araw na pamumuhay, kailangan natin pag-aralan ang mga saligang kaalaman tungkol sa lindol at kalamidad na kaugnay ng lindol.

## SHINDO seismic scale

Sa bansang Hapon, ang SHINDO seismic scale ay ginagamit para ilarawan ang lakas ng lindol. Ang SHINDO seismic scale ay mayroong taas mula zero hanggang pito. Sinusukat ito ng mga seismic detectors (ang makina na nagsusukat ng lakas ng lindol) na inilagay sa iba't ibang lugar sa bansang Hapon. Tingnan ang pahina 10 para sa paliwanag ng SHINDO seismic scale.

## Mag-ingat sa afterquake (ang mahihinang lindol na kasunod ng malalakas na lindol)

Pagkatapos ng malakas na lindol minsan nangyayari ang maraming mahihinang lindol. Ang malakas na lindol na nauuna ay tinatawag na HONSHIN (main quake), at ang mga mahihinang lindol ay tinatawag na YOSHIN (afterquake). Kapag nangyayari ang lindol sa mababaw na dako sa loob ng lupa madalas nagkakaroon ng YOSHIN (afterquake). Kumokonti ang afterquake kapag tumatagal na. Pagkatapos din ng malaking lindol ay dapat makuha ang pinakabagong inpormasyon sa radio o telebisyon, at mag-ingat sa afterquake.

## Mag-ingat sa Tsunami

Kapag nangyayari ang malakas na lindol sa ilalim ng dagat, nagkakaroon ng malaking alon. Itong alon ay tinatawag na Tsunami. Dapat tumakbo kaagad kung nasa dagat kayo o malapit sa dagat. Pumunta kayo kaagad sa mataas na lugar hanggat maaari.

Ang Tsunami ay paulit-ulit dumarating. Hindi naman pinakamalaki ang nauunang alon. Huwag kayong lumapit sa dagat habang may balita ng paalala o pahayag ng babala.

## Mag-ingat sa ibang kalamidad

Sa mga lugar kung saan malambot ang lupa, paminsan-minsan nasisira ang mga daan. Mapanganib din sa mga bundok, dahil minsan ay nangyayari ang pagguho ng lupa. Kapag lumisan kayo sa inyong bahay, dapat isipin kung ligtas ba ang lugar at daan malapit sa bahay. Minsan ay nasisira ang mga tubo ng gas, at madaling magkasunog. Dapat mag-ingat kung gumamit ng apoy.

## Saan ang kublihan (lugar para sa evacuation)

Sa bansang Hapon, mayroong mga itinakdang kublihan (mga mapupuntahan kung lilisanin ang mapanganib na lugar) depende sa pook. Karamihan ay mga gym ng eskwelahan, Kominkan (community center) o Park ay itinatakdang kublihan. Kung mangyayari ang malakas na lindol, pakinggan ninyo ang mga balita sa radio, TV at sasakyan na may loudspeaker. Dapat kayo pumunta sa kublihan kaagad. Tingnan ninyo ang mga newsletter o website ng munisipyo ninyo para siguraduhin kung nasaan ang kublihan. Kung hindi ninyo makita, pumunta kayo sa city hall, dalhin ang brochure na ito, at itanong ninyo ang tungkol sa kublihan. Basahin pati "5, Lindol, ano ang dapat gawin?".

# 2

## Gumawa ng plano ng pamilya laban sa lindol

Para maghanda laban sa lindol, isipin ninyo muna kung ano ang posibleng pinsala. Gumawa ng plano ng pamilya laban sa lindol.



Ang inyong bahay ba ay matibay laban sa lindol?

Wala bang matutumbang muwebles sa panahon ng lindol?

Ano ang dapat unahin sa panahon ng lindol?

Ano ang gagawin ninyo kung malapit kayo sa dagat sa panahon ng lindol?

Ang pamilya ninyo ay nasa trabaho o eskwelahan sa panahon ng lindol. Paano sisiguraduhin na ligtas sila?

Nasaan ang pinakamalapit na kublihan sa bahay, eskwelahan at lugar ng trabaho?

Ano ang gagawin ninyo kung may matanda na nag-iisa sa kapitbahay?

Ano ang gagawin ninyo sa pagkain at ilaw kung mapuputol ang gas at kuryente.

Kung may nangyayaring lindol sa katabing munisipalidad ano kaya ang magagawa ninyo para makatulong?


# 3

## Patibayin ang inyong bahay laban sa lindol



Kung hindi matibay ang bahay ninyo laban sa lindol,

Sa Lindol ng Hanshin-Awaji (Prepektura ng Hyogo) noong 1995, 6400 na tao ang namatay. At sa kanila 80 % ay namatay dahil sa pagbagsak ng sariling bahay o ibang gusali.



Para iligtas ang sarili at pamilya, dapat malaman kung matibay ba ang bahay ninyo o hindi. Kung hindi matibay ang bahay ninyo, dapat gumawa ng hakbang para maging matibay ito laban sa lindol.



# 4


**Sa loob ng bahay maraming mapanganib na gamit. Gawin ang hakbang para hindi bumagsak ang mga muwebles. Kahit na matibay ang bahay laban sa lindol, mapanganib din ang bumabagsak na muwebles, o nabasag na salamin.**

Sa Lindol ng Chuetsu noong 2004, maraming nasugatan sa bumagsak na muwebles, o nabasag na salamin. Ipakita dito ang mga hakbang para hindi bumagsak ang muwebles. Gayahin ninyo dahil ito ay mga madali at murang hakbang.



## Puntos

**Gawin ang mga hakbang para hindi bumagsak ang muwebles o hindi mahulog ang mga gamit.**



**Punto 1** Kung papatatagin ang muwebles sa pamamagitan ng kawit, dapat ipako ang kandado sa matibay na dingding o haligi.

**Punto 2** Ilagay ang tarangka sa mga muwebles na may casement windows para siguraduhin na hindi mabuksan ang bintana at lumipad palabas ang mga gamit sa loob.

**Punto 3** Dapat palakasin ang taling pangbitin ng istante na nakabitin sa kisame. Ilagay ang pang-hinto (non-slip device) para hindi mahulog ang mga gamit na nakalagay sa istante.

**Punto 4** Sa lindol ng Chuetsu noong 2004, maraming nasugatan sa nabasag na salamin. Ilagay ang film sa salamin para hindi kumalat ang nabasag na salamin.

**Punto 5** Ilagay ang kahoy sa gitna ng sahig at sa muwebles para lumapat ang muwebles sa dingding.

# Kapag may lindol, ano ang gagawin ninyo?

... Ang dapat gawin kung lumisan kayo.

Kapag may lindol, napakaimportante ang gagawin ng bawat isa para iligtas ang sarili at inyong pamilya. Isipin natin kung ano ang dapat gawin kapag may lindol.



Dalawang minuto mula nang mangyari ang lindol.



Dalawa hanggang limang minuto



Lima hanggang sampung minuto



Sampung minuto hanggang ilang oras



Hanggang sa pangatlong araw

## Iligtas ang sarili

- Pumasok sa ilalim ng mesa para iligtas ang katawan.
- Magbukas ng pintuan o bintana para malaman kung saan ang madadaan.
- Magsuot ng sapatos o tsinelas para hindi kayo masugatan ng nabasag na salamin.



## Palamigin muna ang ulo, at tignan ang kapaligiran

- Patayin muna ang apoy kung may sunog, at isara ang gas.
- Siguraduhin kung ligtas ba ang pamilya.

## Maghanda para sa paglisan

- Siguraduhin kung mayroong mga dalahin para sa emergency.
- Buksan ang radio na de-baterya Isara ang pinaka balbula ng gas.
- Patayin ang circuit breaker ng kuryente.



## Ligtas ba ang kapitbahay? Dapat magtulungan ang lahat para lumisan.

- Makipagtulungan sa isa't isa tulad ng pagtiyak kung ligtas ba ang kapitbahay, pumatay ng sunog, magligtas ng nasugatan.
- Magtulungan ang lahat para magligtas ng matatanda o may kapansanan.



## Kapag nasa kublihan (lugar para sa evacuation) kayo,

- Magpaalam sa pamilya (gamitin ang Disaster Emergency Dengon Dial).
- Mamumuhay tayo na gagamitin ang mga hinandang pagkain at tubig.
- Huwag pumasok sa nasirang bahay.
- Makipagtulungan sa isa't isa sa kublihan.




## Ano ang dapat alalahanin sa paglisan?

Siguraduhin ngayon kung nasaan ang kublihan at ligtas na daan para makalisan kayo nang ligtas kapag may lindol.

Kapag may lindol, mahirap kumontak sa pamilya dahil hindi magagamit ang telepono.

Dapat pag-usapan ngayon ang mga sumusunod para magkasundo kayo kung saan kayo pupunta at paano kayo kokontak sa isa't isa kung may lindol.


- Siguraduhin kung saan magkikita ang pamilya.
- Kapag umalis sa bahay, maglagay ng palatandaan o mensahe sa pintuan para malaman ng ibang tao kung saan kayo pupunta.
- Ang kaibigan o kamag-anak sa malayong lugar ay gamitin bilang contact point.
- Gamitin ang Disaster Emergency Dengon Dial 171 (para sa landline), o Gamitin ang Disaster Emergency Dengon Board (para sa cell phone).






Kapag may lindol na, ang NTT, isang kumpanya ng telepono, ay nagpapatakbo ng serbisyo na “Disaster Emergency Dengon (message) Dial 171” upang ang mga naapekto ng lindol ay maaaring magkapagbigay-alam sa kanilang pamilya. Mag-dial kayo sa 171, at pwede ninyong iwanan ang mensahe.

※ Ang guidance ay sa salitang hapon lang. Kaya tandaan ninyo ang paraan ng paggamit nito. Hindi ito magagamit sa ibang bansa. Mayroon ding paliwanag sa Ingles tungkol sa paraan ng paggamit nito sa website ng NTT. (<http://www.ntt-east.co.jp/saigaie/voice171/>)



Kapag may lindol na mahina 6 pataas sa SHINDO seismic scale, ang mga kumpanya ng cell phone ay nagpapatakbo ng serbisyo na “Disaster Emergency Dengon (message) Board”. Maaari ninyong i-post (isulat) ang mensahe ninyo sa emergency message board. Maaari ninyong basahin ang mensahe ng ibang tao sa pamamagitan ng computer o cell phone. (Maaaring basahin ang mensahe ng nasa ibang bansa.) Paggamit ninyo ito, piliin muna ang “Emergency Message Board” sa Top Menu ng cell phone ninyo.



※ Kapag may malaking sakuna, ang “Emergency Message Board” ay lumalabas sa Top Menu ng cell phone ng nasa apektadong lugar. Maaaring i-post ang impormasyon tungkol sa kalagayan ninyo at mensahe (hanggang 100 na titik). Ang mensahe na napost ay maaaring basahin sa pamamagitan ng computer o cell phone.

Ang “Disaster Emergency Dengon Dial 171” at “Disaster Emergency Dengon Board” ay hindi magagamit sa panahon ng walang kalamidad. Ngunit dapat masanay kayo sa paggagamit nito para sa panahon ng kalamidad. Sa unang araw ng buwan at saka Disaster Prevention Week mula Agosto 30 hanggang Setyembre 5, magagamit ang testing service ng mga kumpanya ng cell phone. Subukan ninyo ang testing service na ito kasama ang pamilya ninyo at kaibigan. Kung mayroon kayong gustong itanong, kontakin ang kumpanya ng cell phone ninyo.

## Pag may lindol, kailangan natin ang impormasyon at pagkain.

... Ang mga kailangan sa panahon ng emergency ay dapat ihanda bago may mangyaring lindol.

Kapag may lindol, minsan ay nasisira ang tubo ng kuryente, gas at tubig. Maaaring hindi magamit ang electric appliances at kubeta. Sinasarado din ang mga tindahan. Kaya maghanda kayo ng mga kinakailangang emergency supplies pati pagkain para makapamuhay kayo nang mga tatlong araw gamit ang mga supply na ito.

### Ang mga dapat ihanda para dalhin sa paglisan. (Isabay at ilagay lahat sa isang supot).

- Mga valuables (ang mga mahalaga na hindi dapat mawala)
- Maliit na flashlight na de-baterya
- Maliit na radyo na de-baterya
- Gamot
- Baterya
- Mga gamit pang-araw-araw
- Rasyon sa emergency
- Tubig
- Passport
- Alien Registration Card
- Health Insurance Card
- Pera

### Mga bagay na iipunin

- Pantatlong araw na rasyon (Pagkain na iipunin para sa emergency)
- Pantatlong araw na tubig (Sa isang araw, tatlong litro bawat isang tao)
- Mga gamit pang-araw-araw
- Mga kasangkapan (mga gamit tulad ng martilyo at lubid)



## Punto

### Ang mga kailangan sa panahon ng emergency at dapat ihanda bago may mangyaring lindol.

#### ● Kumuha ng impormasyon

Kapag may kalamidad, kumuha kayo ng impormasyon sa radyo at TV. Kapag naputol ang kuryente, hindi magamit ang TV. Gamitin na lang ang radyo na magamitan ng baterya. Ihanda ang radyo na tumatanggap ng AM at FM.

#### ● Mayroon bang news sa foreign language?

TV: Ang NHK news ay ipinapalabas din sa English

AM radio: ang NHK AM radio ay nagbibigay ng balita sa Ingles, Chinese, Korean, Portuguese at Espanyol. Itong program na ito ay nakukuha sa 1593 KHz sa Munisipyo ng Niigata. Sa ibang lugar, iba ang channel (KHz). Alamin ninyo ang tungkol sa news sa foreign language sa lugar ninyo.

FM radio: Mayroon ding balita sa foreign language depende sa lugar. Alamin ninyo ito.

※ FM Nagaoka (76.4MHz) ay nagbibigay ng programa sa Ingles, Portuguese, Chinese at madaling Hapon. Kapag may malaking kalamidad ay may emergency radio news tungkol sa kalamidad.

#### ● Kailangang ilaw

Kailangang flashlight para malinaw ang kapaligiran kahit na sa gabi. Kung walang ilaw, hindi makita ang daanan para sa paglisan. Ihanda ang flashlight at baterya at ipasok sa emergency bag.

#### ● Ihanda ang mga kailangan ng pamilya.

Kapag may sangggol o matanda, ihanda ang lampin, gatas at malambot na pagkain.

## Ipagtanggol natin ang sarili nating katawan. Ipagtanggol natin ang sarili nating bayan.


Kapag may lindol, masisira ang mga daanan sa iba't ibang lugar na apektado. Maraming dapat tulungan. Kaya napakadami ang dapat gawin ng pulisya at bumbero.

※Ang Lindol ng Hanshin Awaji (lindol sa timog sa Prepektura ng Hyogo)  
Noong Henero 17, 1995, may nangyaring napakalaking lindol sa timog sa Prepektura ng Hyogo na may lakas na 7 sa SHINDO seismic scale (o 7.3 sa magnitude). Sa lindol na ito, 6,434 na tao ang namatay at mahigit 300,000 ang lumisan.



Sino ba ang nagligtas sa inyo noong naipit kayo sa ilalim ng lupa o gusali noong may Lindol sa Hanshin Awaji?

| Sino ang nagligtas sa inyo?                 | Porsiyento |
|---------------------------------------------|------------|
| Sarili                                      | 34.9%      |
| Pamilya                                     | 31.9%      |
| Kapitbahay, kaibigan                        | 28.1%      |
| Pulisya, bumbero, Self-defense Force, atbp. | 1.7%       |



### Pakikipagtulungan at Pagsali sa aktibidad para sa paghadlang sa pinsala ng kalamidad.

Kapag may lindol na, makipagtulungan kayo sa mga kapitbahay para pumatay ng sunog at magligtas ng nasugatan. Samakatwid, pwede nating paliitin ang sakuna at bilang ng masusugatan sa bayan. Bukod dito, mahalaga ang ating pagtutulongan sa pagpapalisan sa mga kabataan at matatanda para mamuhay sa kublihan. Kapag nakikisama kayo sa mga kapitbahay sa araw araw na pamumuhay, madali kayong makatanggap ng impormasyon, at tutulungan kayo sa panahon ng emergency. Mahalaga ang araw-araw na pakikisama natin sa kapitbahay.


※Sa maraming bayan sa Japan, may samahan ng kapitbahay na tinatawag na Jichikai (o Chonaikai). Ang mga samahan na ito ay nagsasagawa ng pagsasanay ng paglisan para magtulungan ang mga kapitbahay at makalisan kaagad sa panahon ng kalamidad tulad ng lindol at bagyo. Sa mga pagsasanay na ito, nagtitipon ang mga kapitbahay sa kublihan, pumapatay ng sunog, nagluluto sa labas, atbp. Itanong ninyo sa munisipyo ang tungkol sa detalye ng Jichikai at Chonaikai.



## Tumulong sa mga apektado ng lindol sa pamamagitan ng pagtulong bilang boluntaryo at pagbibigay ng abuloy.

Pagtulong sa mga naapektuhan ng lindol sa pamamagitan ng pagtulong bilang boluntaryo at pagbibigay ng abuloy.

Noon sa Lindon ng Chuetsu, maraming boluntaryo ang dumating. Malaking tulong ito sa mga apektado. Kung may lindol sa ibang lugar, mahalaga din tumulong tayo sa naapektuhan sa pamamagitan ng pagtulong bilang boluntaryo at pagbibigay ng abuloy.



### Paalala kung magiging boluntaryo kayo.

|                                                         |                                                                                                         |
|---------------------------------------------------------|---------------------------------------------------------------------------------------------------------|
| Alamin ang kalagayan ng lugar na may lindol.            | Ligtas ba ang lugar na may lindol, gaano kalaki ang sakuna.                                             |
| Kumontak sa lugar na apektado.                          | Anong klase ng boluntaryo ang kailangan at saan.                                                        |
| Alamin kung ano ang angkop na suot at kailangang gamit. | Ang boluntaryo ay magdala ng pagkain, damit at sleeping bag para sa sarili.                             |
| Magrehistro sa Volunteer Center                         | Magrehistro sa Volunteer Center. Sundin ang patakaran ng Center.                                        |
| Mag-ingat sa sarili.                                    | Mag-ingat at mag-alaga sa sarili. Magdala ng pagkain para sa sarili at mag-ingat sa sariling kalusugan. |




### Magbigay ng abuloy.

Kapag may malaking lindol, pansamantala ay kinukulang ang pagkain at mga pang-araw araw na gamit. Sa mga nakabalita, may nagpapadala ng gamit at pagkain. Ngunit sobrang matrabaho ang paghihiwalay ng mga gamit at pagkain sa apektadong lugar. Kaya mas maganda ang magpadala ng pera kaysa magpadala ng gamit at pagkain, kung magbigay kayo bilang isang tao. Kung magpapadala kayo ng mga gamit at pagkain, alalalahanin ninyo ang sumusunod.



- ① Tingnan ang website ng apektadong munisipyo at alamin kung ano ang kailangan nila.
- ② Magpadala ng marami para pwedeng paghati-hatiin. (Sa isang lalagyan, isilid ang isang uri ng bagay)
- ③ Huwag magpadala ng pagkain na madaling masira, at ng mga lumang damit.
- ④ Sa ibabaw ng lalagyan, isulat ang uri at bilang ng laman.

# Tandaan natin! Anong uri ang mga bagay na maaaring mangyari sa bawat level ng SHINDO Seismic Scale.

|                                      |                                                                                     |                                                                                                                                                                                                                                                                                                |
|--------------------------------------|-------------------------------------------------------------------------------------|------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|
| 4 sa SHINDO Seismic Scale            |    | <ul style="list-style-type: none"> <li>● Maraming magugulat. Nararamdaman ng lumalakad ang pag-uga. Magigising ang halos lahat na natutulog.</li> <li>● Maaaring mauga ang nakabitin na lampara at bumagsak ang mga figurine.</li> </ul>                                                       |
| Mahinang 5 sa SHINDO Seismic Scale   |    | <ul style="list-style-type: none"> <li>● Maraming natatakot at maghahanap ng pwedeng hawakan.</li> <li>● Maaaring mauga nang grabe ang nakabitin na lampara, mahuhulog ang mga pinggan at libro galing sa istante.</li> </ul>                                                                  |
| Malakas na 5 sa SHINDO Seismic Scale |    | <ul style="list-style-type: none"> <li>● Mahihirapang gumalaw kung walang hawakan.</li> <li>● Mahuhulog at kumakalat ang mga pinggan at libro. Maaaring mahulog ang TV o mabasag ang salamin sa bintana.</li> </ul>                                                                            |
| Mahinang 6 sa SHINDO Seismic Scale   |   | <ul style="list-style-type: none"> <li>● Mahihirapang manatiling nakatayo. Maraming muwebles na hindi nakakabit ang gagalaw o babagsak.</li> <li>● Maaaring magkalamat ang dingding. Maaaring masira at hindi mabuksan ang pintuan.</li> </ul>                                                 |
| Malakas na 6 sa SHINDO Seismic Scale |  | <ul style="list-style-type: none"> <li>● Hindi puwedeng manatiling nakatayo. Gagapang ang mga tao upang gumalaw.</li> <li>● Halos lahat ng muwebles na hindi nakakabit ay gumalaw at marami sa kanila ay babagsak.</li> <li>● Maaaring masira o bumagsak ang mga mahihinang gusali.</li> </ul> |
| 7 sa SHINDO Seismic Scale            |  | <ul style="list-style-type: none"> <li>● Mas maraming gusali ang masisira o babagsak.</li> <li>● Maaaring mangyari ang pagguho ng lupa, o magkaroon ng malaking lamat ang lupa.</li> </ul>                                                                                                     |

# Mga salitang hapon na madalas ginagamit sa panahon ng kalamidad.

## [Impormasyon tungkol sa kalamidad]

| Salitang hapon         | Tagalog                                                                                                                                                                                                                                  |
|------------------------|------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|
| 災害 Saigai              | Kalamidad o sakuna. Mga pinsala tulad ng lindol, bagyo, baha, Tsunami, pagsabog ng bulkan, atbp.                                                                                                                                         |
| 地震 Jishin              | Lindol                                                                                                                                                                                                                                   |
| 震源地 Shingenchi         | Epicenter, Sentro ng lindol, Pinagmumulan ng lindol.                                                                                                                                                                                     |
| 震度 Shindo              | Lakas ng lindol (Tignan sa pahina tnugkol sa “SHINDO Seismic Scale”)                                                                                                                                                                     |
| 余震 Yoshin              | Afterquake. Ang mga lindol na sumusunod sa malaking lindol.                                                                                                                                                                              |
| 津波 Tsunami             | Malaking alon na sumusunod sa malaking lindol.                                                                                                                                                                                           |
| がけ崩れ Gakekuzure        | Pagguho ng lupa ng bundok                                                                                                                                                                                                                |
| 警報 Keihō               | Pahayag na Babala. Pagpapahayag na may nalalapit na kalamidad o panganib, at pagbibigay ng payo sa paggawa ng angkop na kilos. Mas malaki ang pangangailangan ng madaliang pagkilos kaysa sa Balita ng Paalala.                          |
| 注意報 Chūihō             | Balita ng Paalala. Balita na ipinapahayag ng Meteorological Agency kung may posibilidad ng kalamidad, para ipaalaala sa mga tao na dapat sila mag-ingat. Mas maliit ang pangangailangan ng madalian pagkilos kaysa sa Balita ng Paalala. |
| 警戒する Keikai suru       | Mag-ingat                                                                                                                                                                                                                                |
| 被災者 Hisaisha           | Biktima ng kalamidad, ang mga tao na apektado                                                                                                                                                                                            |
| 犠牲者 Giseisha           | Ang mga nasugatan at namatay.                                                                                                                                                                                                            |
| 被災地 Hisaichi           | Ang lugar kung saan may sakuna.                                                                                                                                                                                                          |
| 生き埋め Iki-ume           | Tao na hindi makakilos dahil naiipit sa ilalim ng nasirang gusali                                                                                                                                                                        |
| 意識がない Ishiki ga nai    | Walang malay. Hindi sumasagot kahit tawagin. Maaaring mamatay.                                                                                                                                                                           |
| 行方不明 Yukue fumei       | Taong nawawala. Hindi nakikita.                                                                                                                                                                                                          |
| 安否(を確認する) Anpi kakunin | (itananogg kung) ligtas ba o hindi ang tao.                                                                                                                                                                                              |
| 火事 Kaji                | Sunog                                                                                                                                                                                                                                    |
| 揺れ Yure                | Pag-uga                                                                                                                                                                                                                                  |
| 落下物 Rakka butsu        | Ang mga bagay na nahuhulog galing sa itaas                                                                                                                                                                                               |

## [kublihan (lugar para sa evacuation)]

|                          |                                                                         |
|--------------------------|-------------------------------------------------------------------------|
| 避難 Hinan                 | Paglisan, Lumisan sa mapanganib na lugar at pumunta sa ligtas na lugar  |
| 避難所 Hinanjo              | Kublihan, mapupuntahan sa panahon ng sakuna                             |
| 食料 Shokuryō              | Pagkain                                                                 |
| 食料の配給 Shokuryō no haikyū | Rasyon ng pagkain, pagtanggap ng pagkain                                |
| 炊き出し Takidashi           | Pagluluto at pagbibigay ng pagkain sa maraming tao sa panahon ng sakuna |
| 情報 Jōhō                  | Impormasyon                                                             |
| 無料 Muryō                 | Libre, walang bayad                                                     |
| 有料 Yūryō                 | May bayad                                                               |

| Salitang hapon                         | Tagalog                                                    |
|----------------------------------------|------------------------------------------------------------|
| 非常食 Hijōshoku                          | Pagkain na inihahanda para sa panahon ng sakuna            |
| 給水車 Kyū-sui-sha                        | Sasakyan na nagbibigay ng tubig                            |
| 使用不能 Shiyō funō                        | Hindi magamit.                                             |
| 清掃 Seisō                               | Paglilinis                                                 |
| ライフライン Raifu rain                      | Ang network ng kuryente, gas, tubig, telepono atbp.        |
| 停電 Teiden                              | Blackout, pagkawala ng kuryente                            |
| 断水 Dansui                              | Walang tubig na lumalabas sa gripo.                        |
| 紙食器 Kamishokki                         | Pinggang yari sa papel                                     |
| 乾電池 Kandenchi                          | Baterya                                                    |
| 消灯 Shōtō                               | Pagpatay ng ilaw (bago matulog sa gabi)                    |
| 鍵 Kagi                                 | Susi                                                       |
| 印鑑 Inkan                               | Hanko (seal)                                               |
| 現金 Genkin                              | Pera, cash                                                 |
| 貴重品 Kichōhin                           | Ang mga mahahalagang bagay                                 |
| 雨具 Amagu                               | Gamit para sa panahon ng ulan, tulad ng payong at raincoat |
| ゴミの分別 Gomi no bunbetsu                 | Paghihiwalay at pagtatapon ng basura ayon sa uri           |
| マナーモード(携帯電話) Manā mo-do (Keitai denwa) | I-set sa manner mode (vibrator) ang cell phone.            |
| 高齢者 Kōreisha                           | Ang matatanda                                              |
| 乳幼児 Nyūyōji                            | Sangggol at maliit na bata                                 |
| 障害者 Shōgaisha                          | Mga tao na may disability o kapansanan                     |
| ペット Petto                              | Hayop na inaalagaan sa bahay                               |
| 国際電話 Kokusai denwa                     | Telepono para sa ibang bansa                               |

## [Impormasyon tungkol sa trapiko]

|                        |                                                                  |
|------------------------|------------------------------------------------------------------|
| 交通機関 Kōtsū kikan       | Tren, bus, kotse atbp.                                           |
| 車両 Sharyō              | Car, auto                                                        |
| 渋滞 Jūtai               | matrapik                                                         |
| 通行止め Tsūkō dome        | Pagsasarado ng daanan. Hindi madadaan                            |
| 停車する Teisha suru       | Pagpapahinto ng sasakyan                                         |
| 道路の陥没 Dōro no kanbotsu | Masisira ang daanan.                                             |
| 不通 Futsū               | Walang makakadaan, hindi madadaan                                |
| 迂回する Ukai suru         | Lumiko. Dadaan sa ibang daanan                                   |
| 時刻表 Jikoku hyō         | Talaorasan. Talaan ng oras ng pagdating at pag-alis ng sasakyan. |
| 道路の復旧 Dōro no fukkyū   | Pagbabalik ng daanan sa dating kalagayan. Pagkakaayos ng daanan. |

| Salitang hapon | Tagalog                                                           |
|----------------|-------------------------------------------------------------------|
| 欠航 Kekkō       | Pagkansel ng serbisyo ng barko, eroplano atbp.                    |
| 臨時便 Rinjibin   | Pang-extra o ispesyal na serbisyo ng bus, tren, eroplano at barko |

## 【Kalagayan ng gusali】


|                   |                         |
|-------------------|-------------------------|
| 家屋 Ka-oku         | Bahay                   |
| 浸水 Shinsui        | Baha ng bahay           |
| 倒壊 Tōkai          | Pagkawasak              |
| 全壊 Zenkai         | Lubusang pagkawasak     |
| 半壊 Hankai         | Kalahati ang pagkawasak |
| 耐震 Taishin        | Matibay laban sa lindol |
| 一部破損 Ichibu hason | May bahagi na nasira    |

## 【Atbp】

|                                    |                                                                                                                                  |
|------------------------------------|----------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|
| 怪我 Kega                            | Sugat                                                                                                                            |
| 救護所 Kyūgo sho                      | First aid station. Ang lugar kung saan magbibigay ng pangunahing tulong sa nasugatan.                                            |
| 医療 Iryō                            | Paggamot sa sakit at sugat                                                                                                       |
| 応急処置 Ōkyu shochi                   | First aid. Pangunahing lunas                                                                                                     |
| 救急車 Kyūkyū-sha                     | Ambulansya                                                                                                                       |
| 消防車 Shōbō-sha                      | Bumbero                                                                                                                          |
| 救助隊 Kyūjo-tai                      | Relief team. Ang mga grupo na darating para sumaklo sa mga apektadon ng sakuna, tulad ng pulisya, bumbero at Self defense Force. |
| 懐中電灯 Kaichū dentō                  | Flashlight                                                                                                                       |
| 仮設住宅 Kasetu jūtaku                 | Pansamantalang bahay na pinapatayo para sa mga nawalan ng bahay dahil sa kalamidad.                                              |
| 防災訓練 Bōsai kunren                  | Disaster prevention drill. Pagsasanay para sa paghadlang sa pinsala ng kalamidad.                                                |
| 義援金 Gien-kin                       | Abuloy. Ang perang binibigay para tumulong sa mga apektado ng sakuna.                                                            |
| 災害証明 Risai shōmei                  | Sertipiko ng pinsala na naranasan                                                                                                |
| 申請する Shinsei suru                  | Mag-apply                                                                                                                        |
| 休校 Kyūkō                           | Pagsasara ng eskwelahan                                                                                                          |
| 外国人相談窓口 Gaikokujin sōdan madoguchi | Ang serbisyo ng konsultasyon para sa mga dayuhan                                                                                 |
| 通訳 Tsūyaku                         | Pagsasalin                                                                                                                       |
| 大使館 Taishikan                      | Embahada (Embassy)                                                                                                               |
| 領事館 Ryōjikan                       | Konsulado (Consulate Office)                                                                                                     |
| 入国管理局 Nyūkoku kanrikyoku           | Ang opisina na namamahala ng pagbabago ng bisa atbp.                                                                             |
| 外国人登録証 Gaikokujin tōroku shō       | Alien Registration Certificate, Sertipiko ng identity ng mga dayuhan na ibinibigay ng munisipyo.                                 |
| 在留資格 Zairyū shikaku                | Uri ng Bisa                                                                                                                      |

# Nagagamit na pananalita.

| Salitang hapon                                                | Tagalog                          |
|---------------------------------------------------------------|----------------------------------|
| <sup>たす</sup> 助けて! Tasukete!                                  | Saklolo                          |
| <sup>あぶ</sup> 危ない! Abunai!                                    | Mag-ingat ka.                    |
| <sup>に</sup> 逃げろ! Nigero!                                     | Takbo                            |
| <sup>えいご</sup> <sup>はな</sup> 英語が話せますか? Eigo ga hanase masuka? | Marunong ba kayong mag-Ingles?   |
| _____はどこですか? _____ wa doko desuka?                            | Saan ba ang _____?               |
| <sup>つか</sup> _____が使えますか? _____ ga tsukae masuka?            | Magagamit ba ang _____?          |
| _____はありますか? _____ wa ari masuka?                             | Mayroon ba ng _____?             |
| _____をください。 _____ o kudasai.                                  | Bigyan ninyo ako ng _____.       |
| _____をもらうことはできますか? _____ o morau koto wa deki masuka?         | Pwede bang humingi ng _____?     |
| <sup>ひら</sup> _____は開いていますか? _____ wa hiraite imasuka?        | Nakabukas ba ang _____?          |
| _____に行くことはできますか? _____ ni iku koto wa deki masuka?           | Pwede ba akong pumunta sa _____? |
| <sup>いた</sup> _____が痛い。 _____ ga itai.                        | Sumasakit ang _____.             |
| <sup>し</sup> _____を知っていますか? _____ o shitte imasuka?           | Alam ba ninyo _____?             |
| <sup>おし</sup> _____を教えてください。 _____ o oshiete kudasai.         | Turuan ninyo ako ng _____.       |



**Tungkol sa kublihan at impormasyon tungkol sa kalamidad, ito ay itanong ninyo.**

Pangalan ng munisipyo:

Kagawaran:

Address:

-----

-----

Telepono:

-----

Mail:

**Alamin ninyo ang kublihan sa kapitbahay ninyo, at isulat dito.**

Pangalan ng lugar:

-----

Address:

-----

-----

Telepono:

**Sa munisipyo ninyo, mayroon bang nagbibigay ng impormasyon para sa mga dayuhan? Mayroon bang klase ng wikang Hapon? Isulat ang pinakamalapit sa inyo.**

Pangalan ng lugar:

-----

Address:

-----

-----

Telepono:

Pangalan ng lugar:

-----

Address:

-----

-----

Telepono:



新潟県

Tungkol sa polyete na ito, ang sumusunod ay tatanungin.

**Seksyon ng paggawa ng plano ng paghadlang sa sakuna (Disaster Prevention Planning Section) Kawanihan ng paghadlang sa sakuna (Bureau of Disaster Prevention) Prepektura ng Niigata**

Address: 4-1 Shinko-cho, Chuo-ku, Niigata City  
950-8570

Tel: 025-282-1606

Fax: 025-282-1607

Email: [ngt130010@pref.niigata.lg.jp](mailto:ngt130010@pref.niigata.lg.jp)

**Seksyon ng mga bagay ng pandaigdig (International Affairs Section) Kawanihan ng policy ng gobernador (Governor's Policy Bureau) Prepektura ng Niigata**

Address: 4-1 Shinko-cho, Chuo-ku, Niigata City  
950-8570

Tel: 025-280-5098

Fax: 025-280-5126

Email: [ngt000130@pref.niigata.lg.jp](mailto:ngt000130@pref.niigata.lg.jp)